

UC Davis

Alon: Journal for Filipinx American and Diasporic Studies

Title

Minsa'y Isang Paruparo: Memoir

Permalink

<https://escholarship.org/uc/item/3mz2q29v>

Journal

Alon: Journal for Filipinx American and Diasporic Studies, 2(1)

Author

Lopez, Ferdinand M.

Publication Date

2022

DOI

10.5070/LN42156447

Copyright Information

Copyright 2022 by the author(s). This work is made available under the terms of a Creative Commons Attribution-NonCommercial License, available at <https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/>

MINSA'Y ISANG PARUPARO: MEMOIR



Ferdinand M. Lopez / Susi Villa Suzuki

1985. Dream Grrls. Naimbudo ang mga accreditors sa mga baklang naka-tangga habang nag-iimpersonate at nagsasayaw sa kantang *One Night Only*. Wiz daw kasi kaming mga stockings. Kahit na mga Winnie Monsod kami sa mga beaucon sa Tundo, Balic-balic, Sampaloc, Quiapo, Blumentritt at sa mga jiskinita ng Manila at flawless ang mga eskinol naming mga badapdidap, dapat daw naka-seamless na stockings kami ng jondi kumaway-kaway ang paa ni Junjun. Malalaswa. Yan ang spluk ng isang wrangler na vaklavush nung nag-lelabor kami. Wah siya say sa sayaw namin. Waley chika sa pag-lilipsynch. Mga babae daw kami na Hiripinjin, kaya dapat daw super mahinhin kami, jijigalore pa ng lola echozera.

Yellow card. Smile to death si Mama Monchang habang pinagmamasdan ang yellow card, na evidence ng aming hard-earned labor. Ka-join si Mama Monette, o Mama Monchang sa original Paper Dolls kung saan kasama niya sila Butch Babuska, Perlie Miranda, at si Tita Fanny. Si lola ang nagchoreo ng mga dances namin sa kanyang jorlor sa may Welcome Rotonda. Dating member si Mama M ng Bayanihan Dance Troupe. Mahusay rin mag m-u. Kaya noong wah na siya perform kajoin ng mga ibang Paper Dolls, nagtayo siya ng beauty parlor sa Espanya. Kung hindi siya nagtititili at may hawak na stick na panghambalos sa mga baklang pasaway, rumaraket siyang taga-pengkay sa film. In fact, siya ang nagmuk-up sa star for all season, Ate Vi sa "Burlesk Queen." Si Lola Ramonito din ang nag mamak-up sa amin pag-umaappear kami ng mujeran at jumojoin sa mga beaucon. Sa Japan, si Charing, ang aming mamamamahan. Eight-timer na siya noon, bata pa si Sabel. Beterana sa mujeran at sa beaucon. Winnie Mandela si Charo Villa Suzuki sa Miss Gay Philippines Five Prettiest noong 1982. Wah kadera, Waley stockings. Bigkis lang ang panlaban. Laging Best in swimsuit si vaklah, kabug silang lahat pag-umariba na. Mga Suzuki Sisters kami nila Charo at Bong. Mga Espana grrls sila Charing, Abel, at Bongavilla, mga Tondo grrls naman kami ni Jona. Friend ko si Bonggadera, at schoolmate noong college sa UST Faculty of Arts and Letters. Si Jonnabelle, classmate ko noong high school sa Holy Child Catholic School sa Tundo. Kaming lima ang mga dream grrls na gumorrabelles sa Japan noong Dekada 80.

Virgin pa akech noong una akong sumoga sa Land of bento boxes, cherry blossoms, at Voltes V. Kagagraduate me palang ng AB Literature sa Royal, Pontifical and Catholic University noong first time kong magtinda ng kalan sa Japan noong 1983. Mga talent kami ng Bellestars – akechiwa, si Bonggesbelles, at si Charinggera. Kami lang ang mga okama na showgirls ng Bella and the Bellestars noong early 80s. Wiz ako marunong magnihonggo noong umappear ako sa Japan. Si Charing ang titseraka namin. May I teach siya ng mga common expressions in Nihonggo habang naliligo kaming tatlo. Na learn watashi ang nihonggo sa loob ng bathroom. Itsurang rote memorization. Watashi wa Susi des. Soo-se-ruu. Yoroshiku onegaishimasu. Hai. Gengki desu ka? Anata no namae wa, nan desu ka? Uchi wa doko desu ka? Have na kami ng mga lead statements to start a conversation kapag-tumetable na kami at nakipachikahan sa mga merzing. Nihonggo ng mga hustisya de Santa Ana ang knowslift ko, wah formalin. Basta enough lang to get by every day. Dalawa ang showtime sa clubingbangbum, 11:00 pm at 2:00 am. Nagkakamurahan ng mga feathers sa dressing room naming super liit. Wah na space to move. Mga dakengkay kasi ang mga costumes at headdresses. Benggles ang mga pa-costume ni Ate Belle, sholbog ang Follies sa lala ng mga feathers. Ilang mga ibon din ang nagsacrifice para lang gumanda ang mga shokla. Lahat ng costumes and props ay bagumbayan.

Second-timer na akecthiwa, si Bonggadera, si Jonabelle at eight-timer naman si Charing nang ma-form ang Dream gurls, ang aming group sa Japan. Si Abel lang ang Virginia Woolf na jumoin, first time. Talaga namang mala-wolf si ate, ang daming buhokella sa dibdibella, sa legslulu, sa kilikilierz, at sa fezlak. Tadtad ng hairdabambam mula ulo hanggang paascu accreditation. At dahil first time ni vakla, nung kararating namin sa Himeji, the Land of the White Heron Castle, nangahas mag-explore at mag-grocery si badafdidaf. Sa bundok Banahaw kami itinira, para maitago sa madla, at ng ma-preserve ang lihim ni Virginia P. Kailangang mapanatili ang hiwaga ng Bundok ng Susong Dalaga. Pagbabalikbayan box ni Abel galing pamamalengke, nagluto ng lunch, dahil siya ang nakatoka. Nagprito ng porkchop. Tagalog ilang-ilang production. Tom Babauta na ang mga bayotika. Nang masightlulu ni Charingerzi ang kawali, bumubula itechi agbayani. Ask niya si Abel, bakit have ng tiny bubbles sa kawali? Pinasight ni Abellana, ang oil na ginamit niya. Binatukan ni Charing ang werewolf. Ang nabili pala ni Ate, dishwashing liquid. Akala niya mantika. Qulat Hapones daw kasi, kaya wah niya maiintindihan. Kalukring maniwangtiwang. Kakulay kasi ng mga chipanggang langis na pinagprituhan ng tatlong beses. Minsan naman, tinawag ako ni Bonggadera sa room, isight ko daw ang manok sa likod ng balay kalinga. Noong gogora na kami, have na ng bigas na patuka sa manok, nagflying trapeze bigla. Agila pala ang putatelya. Akala namin manok na naluluciana pavarotti galing sa kapit-bahay na lumipad, dumapo sa aming bakuran.

Wah pwedeng makipagdate sa mga mering. Spluk ni tencho, ang manager ng club. Pero ang mga werkla makaparaanan. Gagawa

at gagawa ng kajijian. Si Charing ang aming Bridge Over Troubled Water. Pag may contact lens na sa clubingbangbum, si mamasang ang nagbibigay ng directiones de New York sa housisima. Ang instructions sa mga ka-date, magpark sa Backstreet Boys, malayoyo sa balay. Makakati pa sa gabeng bukid ang mga vavlavich. Parang crossbreed ng gabe at ng higad, mga Catherine de Great. Kaya after 30 minutes matapos ihatid kami sa housisima, kanya-kanya ng pulasan ang mga badingerzi. House Rule sa Bahay ni Lola, dapat 3:00 pm nakabalikbayan na ang mga baklush. 5:00 pm on the dot, nasa harap na ang vandolph, si tencho ang nagdadrivamos. Walang ma-laleytelanding.

Nung dumating kami ng April, nakajoin namin sa house ang Malabon-Navotas gerrls, sila Imatra, Cecilia, Orlanda, at si Rosa Mistica. Nauna sila sa amin ng four months. Nagkikita-kita na kami before sa mujeran sa Navotas, mga beaucon sa Tundo, at sa sagalahan sa Concepcion, Malabon. Ito ang pinakabenggels na Santacruzang mga veklahvum. Mula sa mga ati-atihan, hanggang Emperatriz lahat mga bakla. Si Atutina ng Navotas ang nagopening remarks ng santakruzan sa Malabon ng sumagala akechiwastra. Kami ni Rosa Mistika ang nagayos sa kanya. Siya ang babaylan ng ati-atihan. Naka two-piece ang lola, mala-Lita Gutierrez ang beauty nung kabataang barangay. Nilagyan namin ng mga tilastilas na dahong saging ang bra at panty. Have ng mga senyoritang saging ang necklace at earrings. Have ng malaking agila na nakabuka ang pakpakella bilang headdress. At ang footwear, galing sa Liliw, bayang mapang-aliw. Tsinelas na nativity scene na nilagyan ng mga damong-ligaw sa umusbong sa gilid ng daan ng Tatlong Hari sa Navotas. Nagtatalon si baklavich. NagtiTillie Moreno. Namantal ang binti. Have pala ng sandamakmak na pulang langgam ang mga damo na itinali namin ni Rosa mula paascu accreditation hanggang binti ni Atutina gamit ang mga taling abaca.

Wacoal. Expensive. Pikit-matang bumili kami ng mga panties kahit na Mahalia Jackson 5. Sabi ni Charringgera de barangay na eight-timer na sa japan, mag-invest daw kami sa mga magandang panties ng dakila ka inay ang maharvat naming mga tipaklung mula sa mga maeElla Cecilia Escandon na mga ponjapella. Naniwala naman kami. Buy kami nila Jonnabelle at Bonggasbelles ng tigtatatlong Wacoal panties. Ako ang unang naglaba ng aking panty. Black na high-cut, seamless. Sinampay ko sa labas, sa may pinto ng house. Pagbalik naming mula sa paghohostess ng magbubukang Liwayway gawgaw, disappearing act ang pantyella ko. NaLucila Lalu. Tapos, si Jonnabelle naman nagjompay ng nilabhang panty niya. Lucita Soriano din. Have ng matinggerzi ng panties. KaLucrezia de Borgia. Nung panahon ng Hapon, sabi ng maderaka ko, ang mga dorobo, tininigok o shinushutulan ng kamay ng wah na makapagmatudnila sa ibang utaw. Spluk ni Imatra, na tumanda sa Nihon sa paghohostisya de Santa Fe, kinukuha daw ng mga maniac na ombawawaw, at pinagbabayabasan hanggang apiran ang mga muritchochay. Akala daw, mga trulily kaming mujeres. Wa knowslift ang lihim ng mga lihim ni Pura titiwangwang, na habemus papa din kami ng nota.

Pag-eskapu nila Rosa Mistica, mga Pag-asa gerrls naman ang nakajoin namin. Si Karla na walang hilig magtangga, Pali na parang beneficiary ng USA for Africa, Maribeth Atsara, na kakulay ng dapithapon, at si Alma, ang tindera ng sapsap sa Farmer's Market na nag-iisplit mula sa dalawang bangko at nagtatumbling pagdidismount, sholbog ang mga sirkerang sa karnabal. Minsan, nadinig ko si Almarirayriray na nagbobongles. Spluk ng mga customers na subarashii daw mag-english ang okama. Laugh to death si Karla. Ask ko, kung ano ang drama? Pineplaytime daw ni Almastika ang mer. Si vakla ang spluk, "Do you Know where you're going to? Do you like the things that life is showin' you? Where are you going to, do you know?" Nagdidiana horse moment naman pala ang echoserang palakang bato. Jokala ng mersing nag-eexistential discourse ang reyna ng Farmer's Market wet section sa Cubao.

One-two-three buhos, ang drama noong minsang nasira ang heater sa house. Ang mga werekla super lamig ang agua de pataranta na pinangoofuro. Inispluk na ni Charing kay sachu, ang may-ari ng club ang tigok na heaterlululu. Deadmatology. NaimVernie Varga ang mga vaklasisima. Mala-Gabriela Silang, kinuha ang mga ekstrang futon sa cabinet. Ang mga amazonang Hiripinjin tinhrow-away child ang futon sa creek ng subdivision. Nagbara. May nakakita sa mga vaklasisima na nagmamarcha palabas ng house, dala-dala ang mga futon parang may ilililing na deadma. Sinumbong ang mga badafdidaf sa presidente ng homeowner's association. Pinatawag si sachu. Tinalakan to the max. Biglang nagawa ang heaterlulu. It's a miracle of the sun! Nagtagumpay ang mga vaklastika. Have na uli ng sale ng tubig ng buhay sa bahay. Ligo na muli ang mga sirena sa bathtub habang umaawit ng *Mutya ng Pasig*.

Yasumi. Day-off ng mga vaklang nagdoDonna Summers, "she works hard for the money..." Rotation ang yasumi ng may mga vaklastika sa omise. Two for the road ang drama. Dalawa ang nag-ooff ng sabay. Lamyerd to the max ang twotubi. Nagagalugad ang mga sale sa mga liblib na bayan sa Himeji. Alam ng mga Hiripinjin ang mga kasuluk-sulukang sale. Kung anik anik ang mga binibili at iniipon pang-omiyage pag-uwi sa Maynila, sa mga Kuko ng Liwanag. Minsan, pag-wah salelabambam, suot ang mahiwagang mumu ni Aling Charing, rumarampa sa daan at nag-hiphitch para magkaandalucia. Dapat wah ka inom ng kape ng magkapera ka. Pag have ka ng slight na nerbyos, wah ka pwedeng magbusiness gerrl. Paghima, o mahina ang club at wah date ang mga antibayotika, magsleep ng 6:30 am. Borlog until 12:00 noon. Yung dalawa na magyayasumi ang gigising ng 11:30 para magcooking it up with Nora Daza. Kakalembangin ang mga natutulong na mga aswang. 12:00 noon, lalafes na. Tommy Hilfiger na ang mga wherekla. Pagdating 1:00pm rest-in-peace at magdedessert na ng mga umaatikabung tsismis sila marites at mimi baylon. Super chikahan at landian ang mga qiokla. 2:00 pm mag-oofuro na ang mga badinggerzi, batch-by-batch. Naka pantiella lang. Topless, mala-Virgin People. 3:00 pm namamalantsa na ng outfit. 3:30, ipiplay na ni Charinggerszi ang cassette recording ng mga music ng fashion show segment ng

Ms Gay Philippines Five Prettiest na kinoreo nang top model na si Wanda Louallien. Magkakahilera na ang mga vaktush, nakalabas ang mga portable make-up kit, tabi-tabi sa dalawang pinagdugtong na Japanese tables. Yung wah na kasya, sa kanya-kanyang sulok na ng house nagpepenkay. 4:30 nagbibihis na ang mga manikang takot sa krus. Barbie barbie na. Alas singko, marcha na sa Vanessa Redgrave na dinadrive ni tencho. Kung wah ka dahil Snooky Serna ka, matitilian ka at maaaward ng maaga.

Shinkansen Station. Rampa ang mga joklaers sa train station. Distribute ng flyers pangpromote ng clubella. Sexy ang mga outfit. Akis, suot ang one-piece black lame' bare-back dress with split on both sides na hanggang first hips. May belt na black na studded with Rhinestone Cowboy. Pangmayaman. Si Abel naka micro-Minnie Riperton na hindi aninag ang kuyukotchina dahil have ng twenty stockings. Korteng gitara ang body ni baklaers, salamat sa kaderang mula bewang junggang alak-alakan, kasing haba ng ironing board. Kanya- kanyang eksena ang mga baklush. Palibhasa mga Winnie Cordero sa mga beaucon, at mujeran, nagtatransform ang mga itsura, nagiging mga super model. Matatangkad, at walang reyna retokada. Ang mga utaw, namamangha, parang biglang naging runway ang train station. Fully m-yas kasehodang tirik pa ang araw. Walang mga takot. Walang keber ang mga shoklaers. Rampa dito, rampa doon, rampa everywhere.

Madilim ang iyong palid sa loob ng clubimbambung. Have ng dim light sa bar. Have din ng strobe light sa mini-stage kung saan may I-sing ang mga mering ka-join ng mga baklavich. May modular sofa sa left corner na L-shape, kulay red and black. Have din ng derechong counterpart na red and black sofa sa kabilang side. Fifteen ang tablelulu. Have ng mga upholstered na mga round movable foot stool na kulay Blue Lagoon. Strategically positioned ang mga ilaw. Knowslift ng mga badafdidaf ang mga madidilim na bahagi kung saan maraming nagaganap na kababalaghan - laplapan, hadahan, bayuhan. Favorite ng mga bakla ang mga mahiwagang full balloon ankle length skirt na pangtago sa ang kamay ni Hilda. Sa maliliwanag na spot na nakakagandara park, nakakasoft ng fezlalu, project-ng-project ang mga bading. Walang tigil ng kareretouch, kaskas ng kaskas hanggang lata na ng face powder ang kinakayod. Two weeks lang tumatagal ang Covermark ni Orly. Pero pangmasilya ang peg, pantay na pantay ang platada. Yung Shiseido ni Jona, one-month lang nakaka-flawless ng fez. Yung Kokuryu ni Abel na Jade, three weeks lang pero ang mukha naman kakulay ni Shrek. Yung Kanebo, na nakakaganda, fifteen days tumatagal. Ang base make-up namin, Max Factor powder foundation na beige, or tan, or pancro, baon-baon namim mula Filipinas hanggang Japan kasi mas Morayta ang pechay pag-buycycle ka sa Pinas.

PG. Dead Hungry. Itsurakangbabae, bitukanglalake. Pagtumable na, Order ni Misis agad ng lafang - fruit platter, Japanese spaghetti, crunchy calamares, at ang walang kamatayang, chicken karaage. Paglapag ng order sa tablelululu, hipatchochay agad. Naglalahong

parang bula. Itsurang nakatable ka pa sa ibang mering, pagnakita na ng mga eagle-eyed okama ang lafang, isa-isang dinadagit ang lafez. Waley natitira sa mersing. Jorder uli. Mabilis gumiling ang mga Tiya Nena ng mga vavlavich, Tom Jones agad. Minsan na-sight kami ni tencho. Tinalakan ang mga bakla. Sinabon at may pashampoo pa si Mayor. Pagtapos ng work, pinaglinis ng clubingbing bilang Discipline and Punish, ikaw ba yan Lola Michel F?. Pero wah epek sa mga bakla. Balik uli sa kaokrayan, pero disimulado na. Bayanihan ang drama. Pasa dito, pasa doon. Under the table, over the chair, nagmimigrate ang karaage. Tulung-tulong sa ikauunlad ng mga sangkabaklaan. Kahit sa tipaklong ganoon din. Bulong-brigade kung sino ang nag-aageru ng Tiffany. Chinichika ng mga vavlush kung saan nakaupo si Santa Claus. Have ng mga senyales – sa mga Mata ni Anghelita, o nginunguso ni Inday and the Golden Bibe, o kaya iniispluk ng mga umalohokang Badaf, Badaf Forever. Nakakaipon ng tipaklong sa alkansiyang boboy becoz have ng malasakit sa kapwa ang mga bakla. Pati sa date, may I-recommend sa mga tomadachi ang mga amigang Uhaw ang Tigang na Lupa para hindi ma-zero of Tirad Pass. Utang na loob. Hindi mababayaran kasi amazing grace ang puhunan. Most of the time nirereciprocate pero wiz mapapantayan. Have ng maraming amiga ang marunong tumanaw ng utang na loob. Maraming nagsishare ng blessings. Havemos ng turn-over ceremonies ang mga vavlavich. Mala pagrerelinquish ng mga koronang tinik. Dahil have overlap, yung mga baklang datihan, hinahabilin ang kanilang mga merzing sa mga werklang baguhan during the Sayonara, sayovilma partycles. Kaya, wah shulagang na zezero sa merzing. Iteklabum ang bayanihan, jokla edition.

Drink back. Have ng pechay ang bawat order ng drinks. Parang laging have ng contest. Unahang juminom. May drinkbackella ang mga ladies drink gaya ng juicesisima at coke para di mangenge at sumuraysuray ang mga lasinggerang baklush. Doon yata ako nakadevelop ng stomach hyperacidity sa kagustuhang lumaki ang Commission on Election. Ang mga meringitis naman, orderlulu ng botelya ng whisky. Keep ng bottles sa clabibi pag hindi nafinish line. Getlack uli pag-nagbalikbayan box. Kapag makunat pa sa belekoy ni Aling Gloria ang mering, tatagayan ka ng alak, wah ka refuse, baka maimbudo, wah ka givenchy ng lapad. Slow-motion ang pagtunga, hinay-hinay lang. Ako, unti-unti kong dinidilig sa halaman sa tabi ng table. Doon ang aking favorite spot. Mukhang nabangenge ang tanim. Natigok. Buylalu uli ng bagong Palmera. Teggi uli. Minsan tinanong ako ni tencho kung bakit nadedeama ang mga tanim. Spluk ko nihonggo wakaranai. Pinatranslate kay Charing. Sabi ko, baka hindi naaarawan. Pero sure ako, nadidiligan. Say ko pa, baka yung mering pinapagpagan ng abo ng Mild Seven Select ang Rico Puno kaya nagtampo. Kyemeruthbarurut. Super eching ang badingerzi. Hindi na nagrenew ng contract ang mga halaman. Ako naman pasimpleng nagfflying trapeze papunta sa ibang table ng wah mangenge pag-tagayan na.

Hot towel. Givenchy ang mga hustisya de Santa Barbara ng oshibori sa mga pumapasok sa clubimbangbum. Dapat malinis ang mga

kamot-kamot. Nakakarela din pagpinunas sa fez. Fresh like a petal of a rose ang pakiramdam, jiji ng isang commercial ad. Wala pang covid, super conscious sa kalinisan ang mga Hapones. Pati sa kapaligiran, malinis, parang laging amoy pine-tree ang hangin. Wah Jessica Shoho, nag-uulat o Smelanie Marquez, na rumarampa. Minsan, nataranta ang mga okama pagkuha ng hot towel sa may counter. Una si Abel, tapos si Charing, tapos si Cecille. Nakatable kaming lahat kaya wah naming knowslift ang nagaganap. Silence of the Lamb ang peg. Wa tokis, mala silent film. Puro movements lang. May party ang mga menchu sa long table, apat ang b-y na daddy-daddyhan. Tatlong badiday ang sumoga para ientertain ang mga kagalang-galang na okiaksan. Lahat wear ng bonggang suit na pang mayaman, chika ni Santa Cecilia. Sing sa karaoke, watch ng showtime, eat to death ng lafang, chikahan din ng chikahan ang mga otoko. Then, may dumating na mujer, mukhang pinagpipitagan din si ate. Chinika ni Abel. Siya ang sinusoga namin pag may bilatchochay kasi siya ang pinakamukhang Menchu Menchaca sa amin. Ang chismis ni Abel, jowa pala nung isang menthol na kajoin ng kanyang mga tomodachi. Nilulook- dick-look ang kanyang jowa, three days na naluLucia di Lammermoor. Wah umuuwi ng bahay si kuya. Nagworry ang Oxana Federova. NaKuala na sa kahahanap ang wifi. May nakapagmimay sa mysis na nasa clubibi ang Mister mo, Lover boy ko. Pinuntahan ni mama. Ten minutes pa lang nakakaupo at nakikipag chika si Madam, tumayo ang jowa. Tinanganan ang square whiskey bottle na diamond cut, hinampas sa ulo ang mysis. Jumupo at nakipagchika sa mga friendship. Lahat deadmatology. Business as usual. Ang mujer poise pa din. Impertubable. Parang wala lang. Ang nashocking Asia, ang Tatlong Maria – Maria Avelina, Maria Cecilia, Maria Rosario. Natraumatized ang mga beauty nila. Isa-isang gumora para gumetlak ng oshiburi para maStopping by Woods on a Snowy Evening ang dugo sa ulo ni mader. Mga bakla lang ang na-tense to the max, at naCeleste Legaspi... Tuliro, tuliro, tuliro hanggang uwian.

Dressing Room. Mala Paraisong Parisukat, ikaw ba yan Orlando Nades? O Isang Dipang Langit ni Ka Amado? Siyam kaming gumagamit ng dressing room na isang dipa ang sukat on all sides. May built-in compartment sa itaas na bahagi, lalagyan ng mga headdressisima. Have ng rack na sabitan ng mga gowns. Have din ng malaking box ng ref, tapunan ng mga costumes kapag mga quick change numbers. Wah pintuan. Kurtinang ponti de roma, na Blue Bayou ang hinahawi para makaEnter, Rejoice, and Come-in, at may I-go-out. Magkasunod ang number ng “Oyome Samba” at “Big Spender” ni Shirley Bassey sa showtime. Layered serpentina gown na may mahabang buntot, ang yellow and green na costume namin. Kanya-kanyang drama ang head dress. Isip-isip pag-have ng time. May nagmamating ng dakenkay na silk flowers sa gilid ng bar pa mailalagay sa ulo, one sided, ipit-ipit sa may tenga. Salamat at may sale ng mga hairpin para hindi mahulog ang Bulaklak ng City Jail. Minsan, ang headdressisima galing sa napulot na cellophane sa housing project, ginawang Pamaypay ng Maynila sa ulo. Meron din naglagay ng mga plasticity na prutas, sholbog si Carmen

Miranda. Leyte landing umappear ang mga wherekla sa kafifix ng headdress at walang humpay na kareretouch. Im na im na si Charing. Nakataas na ang kilay habang sumasayaw, parang sasabit na ang eyebrows sa kisame ng club.

Two-piece na lace bra at panty na black, fishnet na stockings, at garter belt ang costume namin sa "Big Spender." Have ng red boa feathers pang-akit sa mga menchu, at minsan pangtakip sa mga nadislocate na kepaykepayan. Buti nalang payatola khomeini kaming apat kaya ok lang mag two-piece. Snooky, imbyerna na naman si Mother Lily de Bagatsing. Kalahati na ng tugtog, wah ka pa rin umaappear on stage. Hirap mag suot ng fishnet at garter belt. Buti pa yung micro-mini na patadyong na may butterfly sleeves na costume namin sa Tinikling kakit naka four-inch stiletto shoes pa kami pag-nagsasayaw, hindi extra challenge. Si Abel ang sunod na number, prepare si bakla ng minanang show kay Imatra. Naka spaghetti straps na itim na satin gown na abot hanggang langit ang hiwa sa gilid. Have ng kandila, at sa saliw ng tugtuging "Anata" pinatutulo ang mga maiinit na luha ng kandila sa braso, kamay, at binti. Amaze ang mga meringitis, umani ng Tagumpay Hardiniano ang bakla. Maraming tipaklong dahil sa mala-hazing na performance. Itsurang puro paso ang katawan ever after. Basta may salapi, oks lang. Ilang sampal din yun, kaya tuwang-tuwa si lola. Minsan, have ng mga putol na merzi na nag-ombagan. Sila yung mga guest na pag-pumapalakpak, Violeta Naluz ang mga fingerslulu. Kulang ang sampung mga daliliri. Noong nagrambulan, ang mga baklushima ang bibilis tumakbo mala Lydia de Vega. Run for your life. Lahat kaming siyam nagtago sa dressing room na walang pinto. Nanginginig sa takot, hide-and-peek sa mga naka-hang na costumes. Ako, tumalon sa loob ng kahon, nagtakip ng mga props. Wah kami spluk, mala Sound of Silence, baka mamassacre ng mga Yakuzang nagwawarla.

Paruparo. Akala ko Japanese word. Todo Rolling the Rs sa mabilis na pagbigkas, sholbog si Zach Linmark. Yun pala, Paruparong bukid na lilipad-lipad. Kabilin-bilinan ni tencho, wag magtatagal sa isang meringerzi. Mag-aAround the World in 80 Days daw. Tinuro pala ng mga japayuking hitad ang term na paruparo sa mga Nihonjin. Meaning, mga utaw na wah kuntento sa isang jowa o mersing, o kaya, hustisya na wizhing concept ng loyalty. Fly ng fly like a butterfly. Hindi lang mga japayuki at hosto ang nagbibitbit ng Japanese words pag-uwi sa Filipinas, ang mga Justice-of-the-Peace din nakapagpropagate ng mga Tagalog words sa contemporary entertainment-lingo sa Japan.

M Butterfly. Isang tragic na film. French diplomat na nainlababo sa Tsinesa na wherekla. Hindi nabukayo si bading agad. Nalulong na sa Bawal na Pag-ibig si kuya. Nag-suicide. Deadma. Madama Butterfly. Isang opera ni Giacomo Puccini. Japonesa iniwan ng puting jowang naval officer na talipandas. Nag-aria si Cho-cho san ng "Un bel di vedremo," bilang My Last Farewell. Ganun din, natigbak in the end. Harakiri. Buti nalang Gloria Gaynor ang mga bakla "I Will Survive," ang drama. Ilibig, iiwan, iibig uli, iiwan na namenz. Pero survive pa din ang

mga baklush ang malalalang hamon ng buhay. Kung hindi yun resilience, ewan ko nalang kung ano yun? Ang mga bakla parang folksong, have ng wisdom. Life-long learnings borne out of living precarious existence, abiding humor amidst suffering, and enlightened perspective na deeply rooted in community lifeways. Kaya, hindi madaling matinag. Wiz madaling matibag. May ngiti habang nagmumunimuni at nageemote. “Paruparong bukid, na lilipad-lipad/ Sa gitna ng daan, papaga-pagaspas/ Isang bara ang tapis, isang dangkal ang manggas/ Ang sayang de kola, isang piyesa ang sayad/ May payneta pa siya (uy)/ May suklay pa man din (uy) /Nagwas de-ohetes ang palalabasin/ Haharap sa altar at mananalamin/ At saka lalakad nang pakendeng-kendeng.” Have ng epiphany ang vاكلush. Sa buhay ng mga Katipunerang wherekla, kailangan ng KKK – kaechosan, kalandian at kaokrayan para mag-survive at lumigaya.



Himeji, Japan 1985



From left to right: Bong, Alma, Abel, Susi, Jona, Maribeth, Karla Himeji, 1985; creek at the left side



Top left to right: Susi, Jona, Abel. Bottom left and right: Charo and Bong in Oyome Samba costume.